

Ano ang Kailangang Malaman ng mga Manggagawa Tungkol sa Bird Flu

Ang bird flu, na kilala rin bilang avian influenza, ay isang sakit na nakakahawa sa mga ibon at marami pang ibang hayop, kabilang ang mga manok at dairy cattle. Maaari ring makahawa ang bird flu sa mga tao. Ang bird flu ay maaaring isang hindi nakababahala o isang napakalubhang sakit.

Ang mga manggagawang mayroong kontak sa mga may sakit na ibon, hayop, dairy cow at/o dumi ng mga ito, ay nasa panganib na mahawaan ng bird flu.

Paano Kumakalat ang Bird Flu?

Ang mga sakit na maaaring kumalat mula sa mga hayop patungo sa mga tao ay tinatawag na mga zoonotic na sakit. Maaaring mahawaan ng bird flu ang mga manggagawa kapag sila ay:

- Natilamsikan ng mga likido sa mata, ilong, o bibig tulad ng gatas mula sa mga nahawaang baka, o laway, uhog, at dumi mula sa mga nahawaang ibon at hayop.
- Nalalanghap nila ang maliliit na particle na naglalaman ng virus.
- Hinawakan nila ang isang ibabaw na kontaminado ng virus at pagkatapos ay hinawakan ang kanilang mga mata, ilong, o bibig.
- Ang mga manggagawa ay malamang na hindi makakuha ng bird flu mula sa ibang tao.

Dapat tiyakin ng mga employer ang isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho para sa kanilang mga empleyado. Kapag natukoy ang bird flu sa mga hayop, poultry, o sa isang dairy herd, dapat magbigay at tiyakin ng mga employer na ang mga nalantad na empleyado ay nagsusuot ng mga respirator, goggles o face shield, guwantes, at iba pang personal na kagamitang pang-proteksyon (personal protective equipment, PPE) na kailangan para sa gawain.

Sino ang nasa Panganib?

- Ang mga manggagawang mayroong kontak sa mga ibon, baka, o iba pang may sakit na hayop ay nasa panganib na mahawaan ng bird flu.
- Kabilang dito ang mga manggagawa sa mga sentro ng rehabilitasyon ng ibon, santuwaryo ng ibon at hayop, hayop, poultry, o dairy farm,



slaughterhouse, laboratoryo na sinusuri ang mga sample para sa virus, at responder sa panahon ng outbreak ng bird flu sa mga ibon o iba pang hayop.

Ano ang mga Sintomas ng Bird Flu?

Maaaring kabilang sa mga sintomas ang isa o higit pa sa sumusunod:

- Pamumula o discharge ng mata
- Lagnat (100 °F pataas)
- Pagkapagod
- Ubo
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pamamaga ng lalamunan
- Pagduduwal at pagsusuka
- Pagtatae
- Baradong ilong o sipon
- Mga pananakit ng ulo
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Pulmonya

Ano ang Kinakailangang Gawin ng Mga Employer Upang Protektahan ang Mga Manggagawa?

Dapat protektahan ng iyong employer ang mga manggagawa mula sa potensyal na pagkakalantad, at impeksyon ng bird flu sa pamamagitan ng mga hakbang sa proteksyon.

Ang pangunahing regulasyon ng Cal/OSHA na nalalapat ay ang regulasyon ng Mga Zoonotic

Aerosol Transmissible Disease, pamagat 8 **seksyon 5199.1**. Ang ibig sabihin ng Zoonotic ay nagmumula ang sakit sa mga hayop. Ang ibig sabihin ng aerosol ay kumakalat ang sakit sa pamamagitan ng mga tilamsik o sa pamamagitan ng maliliit na droplet at particle na nasa hangin. Ang mga employer ng mga manggagawa na nagtatrabaho kasama ang o sa paligid ng mga ibon at baka ay kinakailangang tugunan ang mga potensyal na pagkakalantad ng manggagawa sa bird flu sa pamamagitan ng iba't ibang paraan ng proteksyon.

- **Sanitasyon:** Dapat panatiliing malinis ng mga employer ang mga lugar ng trabaho:
 - Maaaring naglalaman ang alikabok na nauugnay sa hayop ng virus. Dapat panatiliing malinis ng mga employer ang mga lugar ng trabaho, at dapat iwasang mapunta sa hangin ang alikabok.
 - Dapat tiyakin ng mga employer na ang mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay ay nasa mabuting kondisyon at may naka-stock na sabon at mga paper towel (tuwalyang de-papel).
 - Nagbibigay din ang mga employer ng shower kapag mas mataas ang panganib ng pagkakaroon ng impeksyon.
 - Huwag kumain o uminom sa mga lugar kung saan ka nagtatrabaho kasama ang mga hayop.
- **Mga kasanayan sa ligtas na trabaho:** Dapat may nakasulat na mga pamamaraan sa kaligtasan ang mga employer para maprotektahan ang mga manggagawa mula sa mga sakit ng hayop.
- **Pagsisiyasat sa mga pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho:** Kung nagsimula kang makaramdam ng mga sintomas na maaaring bird flu, iulat ang mga ito sa iyong employer. Dapat kang ipadala ng iyong employer para sa medikal na pangangalaga at siyasatin kung paano ka nagkasakit.
- **Pagsasanay:** Dapat bigyan ka ng iyong employer ng pagsasanay tungkol sa mga panganib sa lugar ng trabaho. Dapat ka nilang sanayin kung paano nila kinokontrol ang pagkakalantad sa mga panganib at kung paano gamitin ang PPE na ibinigay sa iyo.
- **Personal na kagamitang pang-proteksyon at damit:** Depende sa iyong mga gawain sa trabaho, maaaring kakailanganin ng iyong

employer na bigyan ka ng sumusunod na PPE:

- Proteksyon sa mata
- Proteksyon sa paghinga
- Mga coverall
- Mga apron
- Mga guwantes
- Mga pantakip sa ulo
- Mga takip ng sapatos

Kung ang iyong lugar ng trabaho ay nasa ilalim ng utos ng pag-quarantine, mga paghihigpit sa paggalaw, o iba pang utos sa pagkontrol ng impeksyon, dapat gumamit ng karagdagang proteksyon ang iyong employer kahit na walang mga nahawaang hayop.

- **Karagdagang proteksyon:** Kung may mga nahawaang hayop, dapat gumamit ng mas mahigpit na mga hakbang sa proteksyon ang iyong employer.
- **Mga medikal na serbisyo:** Kung nagtatrabaho ka sa isang naka-quarantine na lugar, o may mga nahawaan o patay na hayop, dumi ng mga ito, o kapaligiran ng mga ito, dapat mayroong doktor ang iyong employer na magbibigay sa iyo ng regular na medikal na check-up.

Paano Mo Mapoprotektahan ang Iyong Sarili?

- Magsuot ng PPE, pamproteksyon na damit, goggles/ face shield, at mga respirator na ibinigay sa iyo ng iyong employer.
- Kung sa tingin mo ay hindi sapat ang mga kagamitang pang-proteksyon na ibinigay ng iyong employer, pinapayagan kang magdala at magsuot ng iyong sariling respirator, kahit isang N95.
- Sundin ang nakasulat na mga pamamaraan sa kaligtasan ng employer.
- Gumamit ng mga kasanayan sa trabaho na hindi lumilikha ng alikabok.
- Kapag nagtatrabaho sa mga hayop, hugasan ang iyong mga kamay nang madalas at huwag hawakan ang iyong mga mata, ilong, o bibig.
- Kung kinakailangan, i-adjust kung paano ka magtrabaho para mabawasan ang alikabok sa hangin. Halimbawa, basain ng tubig ang lugar kapag naglilinis ng dumi ng ibon o kulungan ng hayop.

Ano ang Dapat Mong Gawin Kung Masama ang Iyong Pakiramdam?

Iulat ang anumang sintomas ng bird flu sa iyong superbisor. Dapat kang ipadala ng iyong employer sa doktor, magbigay ng anumang medikal na pagsusuri at paggamot na kailangan, at siyasatin kung paano ka nagkasakit. Dapat saklawin ng mga employer ang lahat ng medikal na gastos para sa mga manggagawang nagkakaroon ng bird flu.

May Mga Karapatan Ka!

May karapatan ka sa isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho, anuman ang katayuan ng imigrasyon, at maaaring maghain ng mga kumpidensyal na reklamo tungkol sa kaligtasan at mga panganib sa kalusugan sa lugar ng trabaho sa Cal/OSHA.

Para sa mga tanong o reklamo na may kaugnayan sa trabaho, makipag-ugnayan sa Cal/OSHA Call Center sa Ingles o Espanyol sa 833-579-0927.

Kompensasyon ng Mga Manggagawa

Dapat magbigay ang mga employer ng mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa para sa mga manggagawang nagkaroon ng bird flu habang nasa trabaho.

Malamang na mapatunayan ng mga empleyadong nalantad sa mga hayop habang nasa trabaho na mula sa trabaho ang kanilang sakit, maliban kung nalantad sila sa bird flu habang wala sila sa trabaho.

Mga benepisyo sa Kompensasyon ng mga Manggagawa:

- **Pangangalagang Medikal** – binabayaran ng employer ang lahat ng makatwiran at kinakailangang pagsusuri at paggamot.
- **Mga Pansamantalang Benepisyo sa Kapansanan** – binabayaran ng employer ang bahagi ng nawalang sahod kung lumiban ang mga empleyado ng tatlo o higit pang araw sa trabaho dahil sa sakit.
- **Mga Benepisyo ng Permanenteng Kapansanan** – kung ang sakit ay nagdudulot ng permanenteng kapansanan.

May Bayad na Sick Leave

Kinakailangang magbigay ang mga employer sa mga empleyado ng may bayad na sick leave.

Dapat pahintulutan ng mga employer ang mga empleyado na gamitin ang hanggang 40 oras o 5 araw, alinman ang mas malaki, ng nakolektang may bayad na sick leave sa loob ng 12 buwan.

Para maging kwalipikado, ang mga empleyado ay dapat na:

- Nagtrabaho ng hindi bababa sa 30 araw para sa parehong employer sa isang taon.

May karapatan ang isang empleyado na gamitin ang kanilang kinita onakolekta sa ika-90 araw ng pagtatrabaho, bagama't maaaring ipahiram ng isang employer ang may bayad na sick leave bago ang accrual.

Labag sa Batas ang Paghihiganti

Ang lahat ng manggagawa sa California ay protektado ng mga batas sa paggawa, kabilang ang mga proteksyon sa paghihiganti, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Labag sa batas para sa mga employer na tanggalin, bawasan ang suweldo o oras ng trabaho, o kung hindi man ay parusahan ang mga manggagawa para sa pagsunod sa mga batas ng California o pagbabanta na iulat ang isang manggagawa sa mga awtoridad sa imigrasyon para sa pagsunod sa mga batas ng California.

Kabilang sa ilan sa maraming aktibidad na protektado mula sa paghihiganti sa ilalim ng batas ng California ang pagsasalita tungkol sa mga hindi ligtas na kondisyon o hindi nababayaranang sahod, pagtanggihan sa magtrabaho sa hindi ligtas na mga kondisyon, o pag-uulat ng hindi ligtas na lugar ng trabaho o paglabag sa labor.

Maaaring atasan ang mga employer na naghiganti na ibalik ang empleyado, magbayad ng sahod at magbayad ng mga parusa.

Ang mga manggagawa na naniniwalang nakaranas sila ng paghihiganti ay maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa www.wagetheftisacrime.com, maghain ng reklamo sa paghihiganti online sa www.dir.ca.gov/dlse/dlseRetaliation.html, o tumawag sa Labor Commissioner's Office (Tanggapan ng Komisyoner ng Paggawa) sa 1-833-526-4636.

Mga Mapagkukunan para sa mga Manggagawa

- Cal/OSHA
 - **Maghain ng Reklamo sa Cal/OSHA**
 - **Paano Maghain ng Reklamo sa Cal/OSHA**
 - **Mga Serbisyo sa Outreach ng Cal/OSHA**
 - **Unawain ang Iyong Mga Karapatan sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho**
 - **Proteksyon mula sa Avian Influenza**
- CDC Influenza (trangkaso)
 - **H5N1 Bird Flu: Ano ang gagawin kung magkasakit ka**
 - **Protektahan ang Iyong Sarili mula sa H5N1 Kapag Nagtatrabaho sa mga Hayop sa Sakahan**
 - **Impormasyon para sa mga Manggagawa na Nalantad sa H5N1 Bird Flu**
- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health)
 - **Kasalukuyang Sitwasyon ng Bird Flu**
 - **Proteksyon ng Manggagawa para sa Bird Flu (Ingles)**
 - **Proteksyon ng Manggagawa para sa Bird Flu (Espanyol)**
- UC Davis Western Center for Agricultural Health and Safety
 - **Paglilimita sa Pagkakatamad ng Manggagawa sa Sakahan sa Bird Flu**

Enero 2025

Available ang dokumentong ito na may mga aktibong link sa

www.dir.ca.gov/dosh/dosh_publications

Para sa tulong tungkol sa paksang ito, maaaring makipag-ugnayan ang mga employer sa **Mga Serbisyo sa Konsultasyon ng Cal/OSHA (Cal/OSHA Consultation Services)** sa

1-800-963-9424 o InfoCons@dir.ca.gov

www.dir.ca.gov/dosh/consultation.html

© 2025 California Department of Industrial Relations

